JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

## Pananalig sa Diyos: Isasabuhay Ko



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

Pangalan ng Paaralan: ______________________________



## Alamin

Ang modyul na ito ay idinisenyo para sa mga batang tulad mo. Tutulungan ka nitong malaman kung paano maisasabuhay ang pananalig sa Diyos.

Sa pagtatapos ng iyong paglalakbay, matutukoy mo ang mga gawain na nagpapakita ng pagsasabuhay ng pananalig sa Diyos na maaaring maging karanasan mo sa araw-araw.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad. Hal. pagpapaliwanag na ispiritwalidad ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao anuman ang paniniwala; pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. EsP6PD- IVa-i–16

- Matutukoy kung papaano maisasabuhay ang pananalig sa Diyos.



## Subukin Natin

**Panuto:** Basahin at unawain nang mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Halos araw-araw ipinagdadasal ni Rhian na sana makasali siya sa camping ng Girl Scouts ngunit walang sapat na pera ang kanyang mga magulang upang matustusan ang mga kakailanganin para dito. Tinulungan siya ng nanay ni Gina na matalik niyang kaibigan upang matupad ang nais na makapunta sa camp.

Ano ang dapat na maramdaman ni Rhian?
a. Maaawa sa sarili
b. Sisisihin ang magulang dahil mahirap lang sila
c. Magpapasalamat sa kaibigan at patuloy na mananalig sa Diyos
d. Walang mararamdaman

2. Sumali si Ana sa camping ng Girls Scout. Isa sa mga pinagawa sa kanila ay ang isa-isa silang magkukunwaring nahuhulog dahil may sasalo sa kanila. Takot na takot si Ana. Nag-isip siya na uuwi na lang.

Ano ang nararapat na gawin ni Ana?
a. Magtatago sa tent at magkukunwaring may sakit
b. Iiyak at magmamakaawa na hindi na lang sasali sa gawain
c. Susubukan ang ipinapagawa at magdadasal na walang mangyayari sa kanya
d. Walang gagawin

3. Sa camping ng Boy Scout, nalaman ni Freddy na paubos na ang perang pinabaon ng kanyang mga magulang. May isang araw pa silang natitira bago matapos ang camp. Lumapit ang kaibigan niyang si Borge upang manghiram ng pera dahil wala na itong pamasahe pauwi.

Ano ang gagawin ni Freddy?
a. Magsisinungaling na wala na siyang pera.
b. Pahihiramin ng perang pamasahe at maniwalang hindi siya pababayaan ng Diyos
c. Magpapahiram ng pera at sisingilin kinabukasan
d. Walang gagawin

4. Humingi ng tawad si Nilo kay Ben sa nangyari habang nasa camp sila at ipinaliwanag na hindi sinasadya ang pangyayari.

Ano ang dapat na tugon ni Ben?
a. Pakikinggan ang paliwanag ni Nilo ngunit hindi makikipagsundo.
b. Hindi tatanggapin ang paghingi ng tawad dahil nasaktan siya nito.
c. Iintindihin ang paliwanag, hihingi ng kapatawaran at makikipagkamay kay Nilo.
d. Hindi na papansinin ni Ben si Nilo.

5. Malapit na ang camping ngunit nagkasakit si Karen.
Ano ang dapat niyang gawin?
a. Hindi na lng sasali sa camp
b. Iinom ng gamot, magdadasal at maniniwalang gagaling ang karamdaman
c. Sisisihin ang Diyos sa kanyang pagkakasakit
d. Sasali kahit maysakit.

# Modyul 1 — "Pananalig sa Diyos: Isasabuhay Ko"



## Balikan

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy na personalidad sa kapayapaan sa Hanay A Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

**Hanay A**

____1. 
Martin Luther King Jr

____ 2. 
Mother Teresa

____ 3. 
Kesz Valdez

____ 4. 
Malala Yousafzai

**Hanay B**

a. Itinanghal na International Children's Peace Prize Awardee noong 2012. Tumulong sa mga kabataang biktima ng pang-aabuso, karahasan at paggawa

b. Isang ministrong Baptist na nanguna sa pakikipaglaban sa karapatang sibil sa Amerika

c. Mula sa bansang Pakistan na nakipaglaban sa karapatan sa mga kababaihan sa pagkakarooon ng edukasyon

d. Isang madre na nagpapalaganap ng pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa mga pinakamahirap sa Calcutta, India


e. Tagapagtaguyod ng kapayapaan sa nanguna sa sama-samang aksiyon para sa kapayapaan na naging daan sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Sibil




## TUKLASIN

Basahin mo ang maikling salaysay ng isang tao na nakamit ang kaniyang pangarap. Sagutan ang mga kasunod na mga tanong.

Lumaki ako sa mahirap na pamilya. Sa hapag-kainan, laging eksakto ang hatian. Hindi na ako puwedeng humingi ng dagdag na ulam kahit gutom pa ako dahil kailangang pagkasyahin ni nanay ang ulam para sa lahat.




Naglalakad lamang ako papunta sa paaralan kahit medyo malayo ito. Sa singkuwenta sentimos na baon, hindi na ako makakakain kapag nagtricycle pa ako.




Isang araw, m … daw namin ang aming mga mata at isipin ang mga pangarap namin - ang gusto naming propesyon o trabaho paglaki namin, ang mga lugar na gusto naming puntahan. Tapos, ilarawan daw namin sa aming isipan na kami ay matagumpay, na nakamit namin ang aming pangarap

Isang araw, may pinagawa sa amin si Gng. Mijares. Sabi niya, ipikit daw namin ang aming mga mata at isipin ang mga pangarap namin - ang gusto naming propesyon o trabaho paglaki namin, ang mga lugar na gusto naming puntahan. Tapos, ilarawan daw namin sa aming isipan na kami ay matagumpay, na nakamit namin ang aming pangarap.




Pagkatapos, pinadilat na niya kami at tinanong kami ng ganito: "Mga bata, nananalig ba kayo na magkakatotoo ang mga pangarap ninyo?"

"Opo," ang naging sagot naming lahat. Tinanong niya ulit kami. Kung nananalig daw kami, ano ang maari naming gawin para matupad ang pangarap namin. Sumagot naman kami. Sabi ko, "Kahit ano ang mangyari, sisikapin ko na makatapos pag-aaral." Hindi ko na matandaan ang sinagot ng iba kong kaklase.

Sabi niya matutupad daw ang aming pangarap kung kami ay mag-aaral nang mabuti at magtitiwala sa Diyos na tutulungan kami na maabot ang aming mga pangarap.

Anumang kahirapan natin sa buhay, manalig tayo na nariyan ang Diyos upang tayo ay gabayan at tulungan sa pagtupad ng ating pangarap habang ginagawa natin ang matuwid at nararapat.

Natupad ba ang mga pangarap ko? Heto, sinusulat ko ang kuwento ng buhay ko para sa iyo. Tama ka. Guro na nga ako. Gawin mo ang makakaya mo at manalig ka lang sa Diyos. Sigurado ako, matutupad ang naisin ng puso mo.



Photo owned by the writer

Tanong:

1. Bakit isinulat ng may-akda ang kuwento ng kanyang buhay?

________________________________________________________________

2. Naging hadlang ba ang kahirapan upang matupad ang kanyang mga parangarap? Bakit?

________________________________________________________________

3. Paano ipinakita ng may-akda ng salaysay ang pananalig sa Diyos sa araw-araw?

________________________________________________________________



## Suriin

Ating alamin kung ang iyong sagot sa mga tanong tungkol sa maikling salaysay ay kagaya ng sa mga sumusunod:

1. Bakit isinulat ng may-akda ang kuwento ng kanyang buhay?

**Sagot: Upang ibahagi ang kanyang karanasan at maging inspirasyon sa iba.**

2. Naging hadlang ba ang kahirapan upang matupad ang kanyang mga parangarap? Bakit?

**Sagot: Hindi, sapagkat sinikap niyang mag-aaral nang mabuti at naniwala na sa tulong ng Diyos ay makakamit niya ang kanyang mga pangarap.**

3. Paano ipinakita ng may-akda ng salaysay ang pananalig sa Diyos sa araw-araw?

**Sagot: Sa kabila ng kahirapan, hindi siya nawalan ng pag-asa na matutupad ang kanyang pangarap at nagtiwala sa Diyos na tutulungan siya na maabot ito.**

Ang **pananalig** ay pagtitiwala sa Diyos. Naniniwala tayo na may Diyos na pumapatnubay sa lahat ng ating gagawin. Ang pananalig sa Diyos ay hindi taglay ng isang indibidwal lamang. Lahat tayo ay may iba't ibang antas ng pananampalataya sa Diyos. Maaaring mas malalim ang paniniwala ng isa kaysa sa isa, ngunit pareho silang mayroon nito. Mahalaga ito dahil gaaano man kaliit ang paniniwala ng isang tao, taglay pa rin nito ang pag-asang siya ay matutulungan at mapapatawad ng Diyos sa kanyang nagawang kasalanan gaano man kaliit o kalaki.

Ipinapakita natin na mayroon tayong pananalig sa Diyos sa mga panahon na dumaranas tayo ng mga suliranin sa buhay, patuloy pa rin tayong nananalig na malalampasan natin ang lahat ng mga pangyayaring hindi maganda at hindi kaaya-aya.

Kung minsan kahit tayo ay nananalig sa Diyos ay hindi nangyayari ang mga bagay na ating inaaasahan. May maaaring dahilan kung bakit ito nangyayari. Ang mga karanasang tulad nito ay makatutulong upang palakasin pa natin ang ating pananalig sa Kaniya. Ang mahalaga ay patuloy tayong nananalig sa Kaniya at ginagawa natin sa abot ng ating makakaya upang makamit natin ang ating mithiin ganoon din ang pagtulong sa kapwa.



# Pagyamanin

**Gawain 1**

Panuto: Suriin kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pananalig sa Diyos. Lagyan ng tsek ( ) ang patlang kung Oo at ekis (x) kung hindi.

_____1. Kahit malayo, araw- araw na naglalakad ang magkakapatid na Gary, Lesit at Sarah papuntang paaralan dahil hindi kasya ang perang bigay ng kanilang mga magulang pambayad ng masasakyan. Sa kabila nito, naniniwala sila na balang araw magtatapos sila at makakaahon sa hirap sa tulong at gabay ng Poong Maykapal.

_____2. Sina Irish at Rina ay matalik na magkaibigan. Minsan, hiniram ni Rina ang kanyang nag-iisang bagong damit na bigay ng kanyang ina dahil wala itong susuutin sa sasalihang patimpalak. Napunit ito ng hindi sinasadya. Alam ni Irish na hindi na siya makakabili ng bagong damit dahil mahirap lang sila kaya nagalit siya at inaway si Rina.

_____3. Si Aling Rosa ay mahirap na tao. Isang araw, naubusan sila ng ulam at bigas na lulutuin. Kinuha niya ang kanyang pitaka nang biglang dumating ang kanyang kumare upang manghiram ng pera. Sapat lang ang pera niya pambili ng bigas at ulam. Ipinahiram niya ang kalahati sa pag-asang ang Diyos ay tutugon sa anumang pangangailangan nila.

_____4. Isang maka-Diyos na bata si Carl. Nagkasakit ang kanyang ina. Nagdasal siya na sana gumaling ito ngunit lumalala ang karamdaman ng kanyang ina. Masama ang kanyang loob at nagduda sa kanyang pananampalataya dahil hindi pinakinggan ang kanyang panalangin.

_____5. Bago matulog palaging nagdadasal si Ana na protektahan sila sa anumang pangyayaring hindi kanais nais. Linggo, pagkatapos nilang magsamba ay binaril ang kanyang ama sa harap ng simbahan at binawian ito ng buhay. Sa halip na magalit at sisihin ang Diyos sa nangyari ay ipinagpaubaya niya ang pangyayari dahil alam niyang may dahilan ang lahat ng dumarating sa ating buhay maganda man o hindi.



# Isaisip

Panuto: Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pananalig sa Diyos? Lagyan ng tsek (√) ang kahon ng iyong sagot.

**PANANALIG SA DIYOS**

- Pagkakaroon ng oras para magdasal at magpunta sa pook dasalan
- Pagsasalita nang mahinahon sa mga sitwasyong hindi kaayaaya
- Pagkakaroon ng mapayapang isip sa oras ng kagipitan
- Buong pusong pagtanggap sa mga pagsubok sa buhay ng walang pagkabalisa
- Paghadlang sa kasama sa bahay na magkaroon ng oras pagpunta sa pook dasalan
- Hindi sumusuko sa buhay anuman ang suliranin



# Isagawa

**Gawain 2**

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang kahon ng mga larawan na nagpapakita ng pagsasabuhay sa pananalig sa Diyos.

1.



Source: clipart-library.com, Floods Cliparts #2832287
http://clipart-library.com/clipart/152114.htm

2.



Source: clipartmax.com, Prayer - Muslim Clipart
https://www.clipartmax.com/middle/m2H7K9N4N4d3b1m2_prayer-muslim-clipart/

3.




Source: clipart-library.com, Bible Clip Art Black And White #943094
http://clipart-library.com/clip-art/93-937149_free-reading-cliparts-reading-bible-clipart.htm

4.



Source: clipart-library.com, Religious Church Cliparts #2479940
http://clipart-library.com/clipart/762759.htm

5.



Source classroomclipart.com, boy-praying-at-dinner table.jpg
https://classroomclipart.com/clipart-view/Clipart/Christian_Clipart/boy-praying-at-dinner-table_jpg.htm



# Tayahin

**A.** Pag-aralan ang mga sitwasyon sa unang hanay. Sa ikalawang hanay tukuyin kung paano maisasabuhay ang paniniwala sa Diyos. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Tag-ulan na naman. Nag-aalala ang buong barangay dahil maaaring bumaha na naman sa kanilang lugar.

____2. Naniniwala si Bert na patatawarin siya ng Diyos matapos na ilihim niya sa kaniyang ate na siya ang nakabasag ng bago nitong salamin.

____3. Alam ni Carla na walang sapat na pera ang kanyang ina pambili ng mga kakailanganin niya sa kanyang pagtatapos sa ika-anim na baitang.

____4. Tuwing Sabado, nagtitinda ng mga gulay si Gina sa palengke upang may pambili siya ng gamit sa paaralan.

____5. Nagkasakit  si Mang Gilbert Wala silang sapat na pambayad para magpatingin sa isang manggagamot.

**a.** Higpitan ang pananalig sa Diyos at maniwalang Siya ay nakapagpapagaling ng anumang karamdaman.

**b.** Magsipag sa pag-aaral at huwag mawalan ng pag-asa na balang araw magiging matagumpay siya.

**c.** Magdasal at maniwala na matutugunan ang kanyang mga pangangailangan.

**d.** Umasang patatawarin siya dahil ang Diyos ay mapagpatawad kaya dapat ganoon din ang tao.

**e.** Manalig na poprotektahan sila ng Diyos sa anumang sakuna o kalamidad na darating.

**Mga Sanggunian**


**A. Batayang Aklat**

- Caraan, Maria Carla M. et al, Edukasyon sa Pagpapakatao 3, Kagamitan ng Mag-aaral, Inilimbag ng Pilipinas ng Studio Graphics Corp, 2014 pahina 189-197
- Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat*. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, pahina 130,132
- Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon Batayang Aklat 5*. Quezon: Vibal Group Inc., 2016, pahina 172-176
- Salaysay at imahe sa tuklasin:
  Caraan, Maria Carla M. et al, Edukasyon sa Pagpapakatao 3, Kagamitan ng Mag-aaral, Inilimbag ng Pilipinas ng Studio Graphics Corp, 2014 pahina 189-191

**B. Internet**

- clipart-library.com, Floods Cliparts #2832287 http://clipart-library.com/clipart/152114.htm Date Accessed: November 26, 2020
- clipart-library.com, Deaf Person Cliparts #2817407 http://clipart-library.com/clipart/1771317.htm Date Accessed: November 28, 2020
- clipart-library.com, No Money #2217639 http://clipart-library.com/clipart/8TAbX7LAc.htm Date Accessed: November 28, 2020
- clipart-library.com, Fighting #1381993 hhttp://clipart-library.com/clipart/5iRKXx64T.htm Date Accessed: December 3, 2020
- clipart-library.com, Bible Clip Art Black And White #943094 http://clipart-library.com/clip-art/93-937149_free-reading-cliparts-reading-bible-clipart.htm Date Accessed: November 27, 2020
- clipart-library.com, Religious Church Cliparts #2479940 http://clipart-library.com/clipart/762759.htm Date Accessed: November 27, 2020
- clipartmax.com, Prayer - Muslim Clipart https://www.clipartmax.com/middle/m2H7K9N4N4d3b1m2_prayer-muslim-clipart/ Date Accessed: December 7, 2020
- clipart-library.com, Animated Earthquake Cliparts #2768821 http://clipart-library.com/clipart/890995.htm Date Accessed: November 27, 2020
- creazilla.com, Woman is Sick with Chills and Cold clipart https://creazilla.com/nodes/36112-woman-is-sick-with-chills-and-cold-clipart Date Accessed: December 01, 2020
- classroomclipart, boy-praying-at-dinner-table.jpg https://classroomclipart.com/clipart-view/Clipart/Christian_Clipart/boy-praying-at-dinnertable_jpg.htm Date Accessed: November 21, 2020

clipart-library.com, boy-girl-clipart #3176136 http://clipart-library.com/clipart/boy-girl-clipart_10.htm Date Accessed: November 27, 2020

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **Maria Josephine S. Froilan**
Bangkerohan Elementary School
Ipil, Zamboanga Sibugay

Editor: Catleya Jean T. Llorente
Shariffa Nur-Raizzah Jeanibvive H. Mohammad

Tagasuri:
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D - EPS
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*